

ISSN:2546-0536

HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACCOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.40


Pebrero 10-16, 2020

P10.00

MALL PARKING LOT SA CAVITE ^{p.2}

PABORITONG BAGSAKAN NG DROGA?

DOST reiterates support for S&T research on herbal and other products for health and related purposes pahina 10



APELA NI MIKA DELA CRUZ SA KANYANG FANS p.9

SM CITY BACCOOR, CITY MOLINO AND CENTER IMUS, ^{p.5}
IMPLEMENTING SAFETY MEASURES TO PROTECT SHOPPERS AND EMPLOYEES

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136 / 0929-8127638

MALL PARKING LOT SA CAVITE, PABORITONG BAGSAKAN NG DROGA?

MATAPOS nabuking ang transaksyon sa droga sa parking lot ng kilalang mall, lumipat sa ibang mall at katabing lungsod ang bagong transaksyon nang naaresto ang magkapitbahay at narekober ang tinatayang P3.4 milyon halaga ng droga sa Dasmarinas City, Cavite.

Kapwa nakakulong sa Dasmarinas City Police Station ang mga naarestong suspek na sina Ramil Sigalat at Teresita Dalisay, kapwa nasa hustong gulang, magkapitbahay at residente ng Brgy Salitran, Dasmarinas City.

Sa ulat ng Dasmarinas

City Police Station, dakong alas-5:30 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation ang Dasmarinas CPS at PDEA 4A sa parking lot ng Central Mall sa Salitran Dos, Dasmarinas City, laban sa mga suspek at nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Narekober sa mga suspek ang tinatayang 500 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P3.4 milyon, buy bust money at cellphone.

Matatandaan na tinatayang P6.8 milyon halaga ng shabu ang nakumpiska sa parehong parking lot ng SM Bacoor at SM Molino.

GENE ADSUARA

GOVERNOR REMULLA SPEARHEADS THE TURNOVER OF COMPUTER LABORATORY FOR CAVITE PUBLIC SCHOOLS

Recognizing the importance of integrating information technology and innovation into the education system for public schools in Cavite, Governor Jonvic Remulla led the turnover and launching of computer laboratories on February 3, 2020 for select public schools in the municipalities of Indang in Amadeo and in Trece Martires City.

The provincial government launched and provided computer laboratory with complete set of equipment including desktop computers, computer tables and chairs, 55" Smart TV, routes, switch and network cables, and whiteboard for the use of students enrolled at Cavite State University Science High School, Dr. Pio De Roda Elementary School, Lumampung National High School - Calumpang Cerca Annex and Agus-os Elementary School, all in the municipality of Indang; Halang - Banay Banay National High School and Maitim Elementary School in Amadeo; and, Trece Martires City Senior High School and Luis Aguado National High School- Annex in Trece Martires City.

Schools in Indang and Amadeo received 10 computer units each while 20 computers each were distributed to the schools in Trece Martires City. All computer laboratories

were provided with aircon and fire extinguishers for the students' comfort and safety.

Likewise, Governor Remulla brought the good news on fiber optic internet connection in Cavite with more than 300 kilometers of fiber optic cables spread throughout the province making it a free wi-fi zone. The governor also reiterated the importance of modernizing information technology and going with the flow of innovation which mirrors economic development in the province. He stressed that through the computer laboratories, students can continue on making their research, learn typing and printing of paper works, enhance basic computer skills, explore spreadsheet assignments and discover internet applications.

He also announced the readiness of Cavite for the Sangley Airport Project that will soon be operational in the coming years. The 1,500-hectare international airport hub will feature four runways, airside and landside facilities, and can accommodate up to more than 100 million passengers annually. The Sangley Airport will ultimately boost the tourism industry and will give possible job opportunities to Caviteños. The governor also expressed his desire on

the full implementation of providing CCTV all over the province to safeguard and maintain peace and order in the community.

Also present during the turnover of computer laboratories were Vice Governor Jolo Revilla, Board Member Ping Remulla, Indang Mayor Perfecto Fidel and Vice Mayor Sammy Rodil; Amadeo Mayor Redel John Dionisio and Vice Mayor Conrado Viado; Trece Mar-

tires City Mayor Gemma Lubigan and Vice Mayor Bobby Montehermoso; members of the municipal and city councils, Dr. Camilo Polinga, OIC of the Office of the University President and Vice President for Administrative and Support Services of CVSU-Indang Campus; Ms. Merle Baybay, Amadeo District Supervisor, and some school heads and OIC of the recipient schools. **(PICAD)**

Laguna gov't lifts Lambanog ban

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – The Provincial Government of Laguna lifted the ban on Lambanog effective last January 20, following the recommendation of the Provincial Health Office (PHO).

Gov. Ramil L. Hernandez has lifted the temporary ban on the sale and distribution of the coconut wine, popularly known as Lambanog, within the province of Laguna through the Executive Order No. 04, Series of 2020.

Prior to this, the provincial government issued the Executive Order No. 17 series of 2019 last December which declared the

ban of Lambanog due to the suspected methanol poisoning that killed 11 people and affected more than 200 individuals from the town of Rizal.

Said Lambanog was confirmed by the authorities to have a high level of methanol that caused the poisoning incidents.

The brands of Lambanog that poisoned the victims were confirmed unregistered with the Food and Drugs Administration of the Philippines (FDA) and were already seized and confiscated to prevent any potential hazard to the consuming public.

Despite lifting the ban, the provincial government ought to continuously and strictly monitor the sale and distribution of the distilled fermented coconut sap or Lambanog in the province to thwart possible risk or loss of life.

Through EO 04 s. 2020, the Local Government Units (LGUs) are then encouraged to pass ordinances in their respective areas of responsibility that will help prevent the proliferation of fake and unregistered coconut lambanog.

While, the Business and Licensing Division of all component LGUs and the PHO are directed by the provincial government to conduct regular monitoring of stores and other business establishments selling Lambanog to ensure their compliance with product standards and safety based on the guidelines provided by the Bureau of Product Standards (BPS). **(Joy Gabrido with reports from PIO Laguna)**



DISASTER RISK REDUCTION & MANAGEMENT: Nagsagawa ng council meeting sa Mayor's Conference Room at tinalakay ang may mga kaugnayan sa Emergency Operation Center, Taal Volcano Eruption at kasalukuyang estado ng Novel Coronavirus (2019 Ncovard). Ang City of Paranaque ay patuloy ang monitoring hinggil dito. **(JIMMY HAO)**



Awarding of Fairness Opinion Report (FOR) with Written Recommendation and Contract Signing of Technology Licensing Agreement (TLA) for the technologies: "Semen Processing using "SemEx" and Chevron Processing of Isabela State University (ISU)- Echague Campus @ Mango Suites Hotel, Cauayan City from from left, Engr. Sancho Maborang DOST RD 2, Mr. Soliman A. Villamin, J, President, DV Boer Farm International Corp. Dr. Ricmar P. Aquino, President ISU, Dr. Melvin Carlos, DOST PCAARD Deputy Executive Director and William R. Eustaquio, Executive Director, Echague Chapter Witnesses, Usec. Brenda Nazareth-Manzano, Secretary Fortunato De la Pena of DOST and Engr. Edgar Garcia, Director TAPI

USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

Iba ang may alcohol sa katawan?

NANG maglabas ng anun-suyo ang Department of Health (DOH) sa publiko ay kaliwa't kanang reaksiyon ang namayani. Sa kainitan ng kinatatangkang coronavirus ay sinasabing hindi na kailangang magsuot ng face mask kung wala namang respiratory infection. Sa pagharap sa press briefing sa Malacañang ay sinabi ni Dr. Celia Carlos, ng DOH-Research Institute for Tropical Medicine (RITM), kapag may ubo at hirap na paghinga, kung nagbibigay ng medical care sa mga mayroong respiratory symptoms at isang health worker na

gumagamot sa may respiratory illness, ay iyon lang ang kailangang magsuot ng face mask. Hindi naman maiiwasan na magpanic ang publiko sa nasabing sakit. Naririnig sa mga eksperto o manggagamot na kailangan ang face mask bilang panlaban. Bukod pa ang iba't ibang payo o tagubilin na dapat gawin para ang sakit na ito ay maiiwasan. Pero mismong binanggit ni Dr. Carlos na wala pang community transmission ang Wuhan coronavirus. Dahilan umano para hindi magbigay ng rekomen-

dasyon sa paggamit ng face mask sa general public. Ibig sabihin ay hindi mismong publiko o ang lahat ang kailangang gumamit sa halip ay mayroon lamang partikular. Masisisi ba natin ang mga tao o ang publiko kung magpanic man lalo at walang kaukulang importasyon. Usap-usap ng mga 'kanto boys' na sabi nila bakit medyo huli o late na yata ang anun-suyo at paliwanag ng kagawaran. Dapat daw sana sa unang bugso pa lamang ng usaping coronavirus ay tumayo o nanindigan kaagad ang kagawaran hinggil sa paggamit o pagsuot ng face mask. Alam naman natin na napakalikot ng social media sa ngayon. Kung anu-ano ang makikita o mababasa na minsan ay mayroon pang mga fake news o information. Kagaya na lamang sa lumabas na artikulo na sinasabing ang pag-iinom ng mga alak ay maikokonsiderang

gamot sa sakit na ito. Kaya naman biglang nagpalabas ng pahayag si Dr. Joshua Brillantes, Assistant Regional Director ng Department of Health Region IX, at iginiit na ang ano mang alcoholic beverages ay panremedyo o panlunas sa coronavirus. Sabi ni Dr. Brillantes, alinsunod sa mga pagaaral ay walang naitalang medical benefit ang pag-inom ng alak laban sa nasabing sakit o kahit anong viral infection. Ganyan ang social media, masasabing nagpapalala pa ng sitwasyon. Eh ganyan din naman ang mga 'kanto boys' sa paniniwalang kailangan daw ng isang tao na mayroong alcohol sa katawan. 'Ika nga nila, mahihirapan ang ano mang virus na pumasok sa katawan kapag nagtataglay ng alkohol. Lyon ang sabi nila hehehe, kanilang paniwala iyon eh.

EDITORIAL

Transaksiyon ng droga sa NBP, 'di talaga masasawata?

ANG inang si Jennifer Nosotros at anak na si John Rey, kapwa residente ng Barangay Buntatala Jaro, Iloilo City; kasama ang kanilang downline na si Lalaine Ereño, ng Zone 5 Calaparan, Arevalo, Iloilo City ay nahuli sa isinagawang twin drug bust operation ng Provincial Drug Enforcement Unit at Pavia Municipal Police Station. Ang mag-ina ay nakuhanan ng kalahating kilo ng shabu na may street value na P6.3-milyon sa Ungka, Pavia, Iloilo; at P1.1-milyong halaga ng droga ang kay Ereño sa Calaparan, Arevalo. Sa ibinigay na pahayag ni PMaj. Jojo Tabaloc, hepe ng Pavia Municipal Police Station, si Nosotros ay kapatid ng High Value Target na si Jovan Abantao, kasalukuyang nakapiit sa New Bilibid Prison (NBP) sa Muntinlupa City. Ayon sa opisyal ay may posibilidad na nanggaling kay Abantao ang mga shabu. May posibilidad na pinupuntahan ni Nosotros ang kapatid sa NBP para kumuha ng iligal na droga at ibinibenta naman sa Iloilo. Pagpapakita o pagpapatunay lamang ba ito na hindi talaga ganap na masasawata ang transaksiyon ng droga sa NBP? Sayang din ang nakababatang Nosotros dahil siya ay isang criminology student na dapat at para magiging isang alagad ng batas.

Veterinary Mission for Animals Affected by Taal Volcano



Persistent on its goal to safeguard the welfare of the animals who have been affected by the eruption of Taal Volcano, the Provincial Veterinary Office (PVO) led by Dr. May Magno has initiated efforts to visit and conduct veterinary missions at Tagaytay City for the treatment of rescued animals on January 29, 2020. The Provincial Veterinary Office, together with some veterinarians from the City Veterinarian Office of Tagaytay and the whole staff from Born to be Wild, a Philippine television travelogue show broadcast under GMA Network which was hosted by Dr. Nielsen Donato roamed around the vicinity of Picnic Grove in Barangay Sungay East and gave immediate health assessments and treatments to the animals. Ten goats were given vitamin supplements while four others were dewormed. Out of sixty-four horses which were used in horseback riding in Picnic Grove, 58 were provided vitamins and were dewormed while six were given dextrose through IV line (D5 LRS) and six have undergone eye flushing using the normal saline solution. A farm in barangay Zambal, also in Tagaytay City was also visited as veterinarians checked the medical conditions of 22 horses. They have provided vitamin supplements to 16 horses, dextrose through IV line (D5 LRS) to six horses and wound treatment and vitamin supplements to five horses. --(PICAD)

ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



ROMEO S. SANTOS
Publisher/editor-in-chief

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/ 09298127638
Email: ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc. **PAPI**

3 'TULAK,' TIGBAK SA DRUG OPERATION

PAWANG bumulagta ang tatlong hinihinalang mga tulak nang nakaengkuwentro ang mga operatiba ng Cavite police sa isinagawang buy bust operation sa magkahiwalay na insidente sa lalawigan.

Kinilala ang mga napatay na sina Ariel Vanta, alias "Aye," 46, ng Bagong Pook, Brgy 48A, Cavite City; Rolando Dicog, nasa wastong edad, ng Brgy. Muzon I, Rosario, Cavite; at Reynier San Agustin @ "Rairai," nasa wastong edad, ng Brgy Bucandala 3, Imus City.

Sa ulat ni P Corporal Jumar Bedural, ng Cavite City Police Station, dakong alas-8:05 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust operation ang Cavite CPS Drug Enforcement Team sa Barangay 48A kung saan target si alias Avie.

Sa kalagitnaan ng transaksyon, naramdaman ng suspek na pulis ang kanyang kausap dahilang upang paputukan ang awtoridad subalit nagmintis kaya gumanti ang mga pulis na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Isinugod pa ang biktima sa Baustista Hospital subalit idineklarang dead on arrival.

Narekober sa suspek ang isang kalibre 38 na baril, bala at sachet ng hinihinalang shabu.

Nabatid na ang suspek ay kilalang drug pusher sa Cavite City at dating nakulong sa BJMP subalit nakalabas ito noong October 2019.

Ang suspek din ang itinuro ng kanyang mga kasamahan na siyang pinangkukunan ng mga illegal na droga.

Sa ulat naman ni PSSgt Elzezer Tagalog, ng Rosario Police Station, dakong alas-10:30 ng gabi nang nakipagtransaksyon ang suspek na si Dicog kay Corporal Lynard Pareja na nagsilbing poseur buyer sa Brgy Muzon I.

Nang matapos ang transaksyon, nagbigay ng pre-arranged signal si Pareja sa mga kabaro at nagpakilalang pulis pero nang ar-estuhin ang suspek ay pumalag ito at nagbunot ng baril at nagpaputok sabay sigaw ng "P-ina niyo, hindi niyo ako mahuhuli", kaya gumanti ang awtoridad na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Nakuha sa suspek ang kalibre 38 na baril, bala,

tinatayang 1.82 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P32,000. Sa record, si Dicog ay itinuring na Top 1 Municipal Level Most Wanted Persob (MWP) sa Juban, Sorsogon at may 5 counts na kasong Incest Rape sa Fifth Judicial Region Branch 51 Sorsogon City at walang inirekomendang piyansa.

Sa ulat naman ni PSSgt Mark Joseph Jader, ng Imus City Police Station, nagkaroon muna ng habulan sa pagitan ng mga operatiba ng Imus CPS at ang suspek matapos ang isinagawang buy bust operation sa NIA road, Malagasang 1-G, dakong alas-11:20 ng gabi kung saan target si alias "Rairai".

Subalit nang tangkang ar-estuhin ang suspek matapos makunsumo ang transaksyon ay mabilis itong sumakay ng kanyang tricycle at pinasibad papalayo subalit hinabol siya ng mga awtoridad kaya pinaputukan niya ang mga ito dahilang upang gumanti ang mga pulis na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Narekober sa kanya ang isang kalibre 38 na baril, bala at mga sachet ng hinihinalang shabu pati ang kanyang tricycle. **GENE ADSUARA**



Nag-alay ng mga bulaklak sina Manila Mayor Francisco Isko Moreno Domagoso, US Ambassador Sung Yong Kim, Ambassador Peoples Republic of China Huang Xilian at kasama rin sina Dr. Rene R. Escalante; National Historical Commission, ibang delegado at mga buhay na myembro ng mga Filipino veterans ang marker ng mga beteranong gerilya at mga sundalong lumaban noong panahon ng Ika II Digmaang Pandaigdig bilang pagunita sa 75th Battle of Manila. **(Christian Heramis)**

Disgrasya sa kalsada, 1 patay 1 kritikal

NASAWI ang isang manager ng isang kumpanya habang nakikipambuno kay kamatayan ang isang 45-anyos na Bantay-Bayan nang nasagasaan ng isang L300 van at isang tricycle habang parehong tumatawid sa kalsada sa magkahiwalay na lugar sa Cavite.

Ideneklarang dead on arrival sa Divine Grace Medical Center ang biktima ng si Allan Nocon, 32, at residente ng Purok 10, Bacao 2, Gen Trias City; at habang sinusulat ito ay agaw-buhay sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital si Jojin Arreigado, Bantay Bayan, ng Block 31 Lot 3 Yellow St., Capitol Hills, Brgy Lapidario, Trece Martires City.

Hawak naman ng pulisya ang driver ng isang Mitsubishi L300 van na may plakang NM3626 na si Petronilo Lecciones Jr, 54, may-sawa, negosyante, ng Block 15, Lot 3 Adelina II Luciano Trece Martires City; at driver ng isang Rusi tricycle na si Marciano Petate Jr, 46, ng Canangan Angadanan, Cauyan City, Isabela.

Sa ulat ni PSSgt Rodel Abutin, ng Noveleta Municipal Police Station, dakong alas-10:45 ng gabi nang naganap ang insidente sa Centennial Road, Brgy Sta Rosa 2 kung saan patawid ang biktima nang nabangga ng minamanehong L3000 van na minamaneho


ni Lecciones na noon ay binabagtas din ang nasabing lugar galing sa EPZA Bacao at patungo sa direksiyon ng Kawit.

Dahil sa lakas ng pagkaka-bangga, tumilapon ang ang katawan ng biktima at nagtamo ng matinding sugat sa ulo na nagresulta ng kanyang kamatayan.

Sa ulat naman ni PSSgt Rene Bibon, ng Trece Martires City Police Station, minamaneho ni Petate ang kanyang tricycle habang binabagtas ang kahabaan ng Governor's Drive Brgy Gregorio dakong alas-11:20 ng gabi nang pag-sapit sa harapan ng isang ceramic company nang tumawid ang biktima.

Hindi na nagawang pigilin pa ng driver ang manibela ng kanyang tricycle at nasagi ng side car ang biktima dahilang upang tumama ang

kanyang ulo sa semento saan nasa malubhang kalagan. **GENE ADSUARA**



HINDI tinantanan ni P/Ret. Col. Ariel Andrade ang mga pasaway na vendors na ginagamit ang kariton at pinaggigiba ang mga ito. Hinuli rin ang mga sidecar at e-bike na tricycle na hindi tumutupad sa rules & regulation sa kalsada at higit sa lahat ay over price sa pamasaha na sinisingil sa mga sumasakay o pasahero. **(JIMMY HAO)**

Koreanong tulog sa kalsada 'dinedma'

Dahil sa posibleng 2019 novel coronavirus (nCoV) carrier, isang pinaniniwalaang Chinese national ang hindi nirespondehan ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno para dalhin sa pagamutan makaraan itong nanginginig na bumagsak sa Taft Avenue, panulukan ng Remedios Sts., Malate, Maynila, kama-kailan.

Ito'y batay sa magkaka-sunod na photo at video posts ng isang Zaldy Bao Maguigad na nagsabing nakita niya ang banyaga na nanginginig na mistulang nilalagnat at bumagsak na lang sa bangketa sa nasabing lugar.

Aniya, malapit lamang siyang nakatira sa lugar kaya naisip niya na dapat makuha ng concerned agencies ang dayuhan para matulongan at mabigyan ng medical attention.

Ayon kay Maguigad, tumanggi umano ang lahat ng tinawagang police stations, ahensiya ng gobyerno kabilang ang Ospital ng Maynila, Philippine Red Cross-Manila chapter na nagsabing walang available na ambulance hanggang sa makiusap pa sa nagdaang ambulansiya na nagsabing may susunduin pang emergency sa lalawigan ng Laguna.

Nabatid na dakong alas-10:00 ng ay binalikan ni Maguigad ang lugar kung saan nakahandusay ang banyaga ngunit wala na ito maging ang mga gamit nito. **(leonard basilio)**

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
Fourth Judicial Region
Branch 109, Carmona, Cavite

IN THE MATTER OF CANCELLATION OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ADELFA COMITA CUER WITH REGISTRY NO. 98-993 OF THE OFFICE OF LOCAL CIVIL REGISTRAR OF GMA, CAVITE,

ADELFA COMITA CUER,
Petitioner,

SP-C-GMA-2019-34

-versus-

THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF GMA, CAVITE,

THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, QUEZON CITY,

SPOUSES FELIPE M. CUER
and ADELINA C. CUER,
Respondents.

x - - - - - x

NOTICE OF HEARING

There is a petition filed by petitioners thru counsel for the cancellation of the certificate of live birth of **ADELFA COMITA CUER** with Registry No. 98-993 on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on **March 17, 2020 at 1:30 in the afternoon** before this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the petition be furnished of the Office of the Solicitor General, Makati City; Local Civil Registrar, GMA, Cavite and the national Census and Statistics Office, Quezon City and the same be posted by the sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in the Municipality of GMA.

WITNESS THE HONORABLE **NIVEN R. CANLAPAN**, Presiding Judge of this Court, this 9th day of December 2019 at Carmona, Cavite, Philippines.

BON GERARD D. ASCAÑO
Clerk of Court VI

Publication: HANEP February 3, 10 & 17, 2020

SM CITY BACOOR, SM CITY MOLINO AND SM CENTER IMUS, IMPLEMENTING SAFETY MEASURES TO PROTECT SHOPPERS AND EMPLOYEES


In response with the current dilemma of Asian countries and reports of Chinese citizens from Wuhan City arriving in the Philippines that manifest the symptoms of Novel Coronavirus, **SM CITY BACOOR** and **SM CITY MOLINO** along with **SM CENTER IMUS** formed a Sanitation Team to ensure the safety of the shoppers and employees. The malls issued masks to employees and implemented preventive measures such as wearing of Masks, and regular disinfection of escalator handrails, elevator buttons, railings, and areas with direct hand contact. Sanitizers are currently stationed at mall entrances and Restroom to promote hand sanitation. Signages were also posted on Restrooms. With these, employees and customers are still encouraged to be cautious and perform safety measures to prevent catching the virus.



SM City Bacoor Sanitation Team ready to disinfect the mall area.



Regular Sanitation on Restrooms to prevent infections and spreading of viruses.



SM Center Imus Restrooms are equipped with Hand Wash Instruction Signages, Liquid Hand Soap and Alcohol, encouraging shoppers to properly wash their hands and sanitize. Thanks to their hardworking sanitation team who cleans areas within the mall including their play area regularly.



SM City Bacoor, SM City Molino and SM Center Imus Entrances are equipped with Sanitizers for free public use. Entrance Door handles are also sanitized even during mall hours.



Photo shows **SM City Bacoor** and **SM City Molino** Sanitation Team disinfecting Escalator handrails which are sanitized before, after and during mall hours. to ensure that shoppers using them are safe from bacteria and viruses.



Hand rails within the mall premises, as well as machines with direct hand contact are frequently disinfected by the Mall Sanitation Team.



SM City Bacoor Sanitation Team cleaning Elevator buttons and wall.



SM City Bacoor Food Court Sanitation Team disinfecting tables, countertops and sanitizing station for the public.



Regular Sanitation on Restrooms to prevent infections and spreading of viruses.

Badminton Asia Team Championships 2020 Ngayon Pebrero 11-16

ANG koponan ng kababaihan sa badminton ng Pilipinas na pagsali sa dalawang karibal ng Timog Silangang Asya sa isang pangkat kasunod ng resulta ng draw para sa Badminton Asia Team Championships sa Century Park Hotel.

Ang mga Pilipinong shuttler ay pinagsama-sama sa Thailand at Indonesia sa Group Y. Ang dalawang iba pang mga koponan sa Timog Silangang Asya sa larangan ng 12-koponan ay nahuli sa magkahiwalay na mga grupo. Ang Malaysia, ay iginuhit sa Group W kasama ang Japan, ang nangungunang binhi sa distaff side, at Hong Kong. Ang Singapore, sa kabilang banda, ay nagtapos sa pangalawang binhi ng China at Chinese Taipei sa Group Z. Ang iba pang pangkat, Group X, ay mayroong South Korea, India, at Kazakhstan sa loob nito. Samantala, ang koponan ng mga kalalakihan ng Pilipinas ay para sa isang matigas na paggiling dahil hindi bababa sa top seed na Indonesia ay nasa pangkat nito. Ang Kumpletong Pangkat A ay ang India. Sa kabilang dako, ang Group B ay mayroong China, Thailand, at Hong Kong sa loob nito, ang Group C ay binubuo ng Chinese Taipei, Malaysia, at Singapore, at ang Grupo D ay binubuo ng Japan, South Korea, at Kazakhstan. Ang Badminton Asia Team Championships ay tatakbo mula Peb.

11-16 sa bagong renovated na Rizal Memorial Coliseum na nagho-host sa huling ika-30 na Timog-silangang Larangan. Ang mga koponan sa isang tiyak na grupo ay maglaro ng isang solong pag-ikot ng paunang yugto ng robin laban sa bawat isa. Hanggang sa tatlong magkakapareha at dalawang dobleng pares ang gaganap. Ang unang koponan na manalo ng tatlong mga tugma ay kukunin ang serye. Ang nangungunang dalawang koponan bawat pangkat ay kwalipikado para sa knockout quarterfinals. Ang mga panghuling semifinalist sa men's division ay kwalipikado para sa Thomas Cup sa Denmark. Ang mga puntos sa kwalipikasyon ng Olympic ay bibigyan din sa lahat ng mga koponan depende sa kanilang pangwakas na ranggo, na nangangahulugang

gang ang mga kampeon ay makakakuha ng isang mas mahusay na pagkakataon upang maging kwalipikado



7s FOOTBALL LEAGUE - PINAHAYAG sa isang pagtitipon ni Anton Del Rosario Founder 7's Football, ang nakatakdang kumpitasyon ng AIA Philam Life 7's Football League match na mag-simula ng sabayan sa Pebrero sa magkakahiwalay na venue, gaya ng McKinley Stadium, Muntinlupa, Clark, Bacolod, at Davao nasa larawan din ang iba pang partners (mula kaliwa) Ken Alamo 7's Franchise Clark, Paula Lapitan Senior Marketing Manager Philam Life, Bernadette Chincuanco Head of Brand of Communication Philam Life, Anthony Raj One Play Sports CEO 7's new partners Miguel Alegree F's Franchise Muntinlupa ng ganapin ang pagtitipon. (RGN)



NCAA WOMEN VOLLEYBALL - NAGAWANG ma block ni San Beda College blocker Mae Paras ang todo bigay na spike ni Mara Tesara ng Emilio Aguinaldo College sa maaksyong tagpo sa NCAA Season 95 women's volleyball preliminaries sa Fil Oil Flying V Centre, San Juan. (RGN)



Pagpapaliban ng mga Laro para sa panseguridad - PSC Ang mga kaganapan sa pangunguna ni PSC Chairman William Ramirez na kanyang pinahayag na ang National Sports Summit 2020, Philippine National Games, Mga Larong Pambata, at iba pang mga aktibidad ay ipinagpaliban nang walang hanggan bilang isang panukalang panseguridad sa pagsiklab ng 2019-nCoV. Nagbigay din ang ahensya ng sports ng pormal na rekomendasyon upang ipagpaliban ang 2020 ASEAN Paragames na isinasalang-alang ang sina-sabing krisis sa kalusugan. Ito ay opisyal na inanunsyo sa isang Press Briefing na ginanap sa Rizal Memorial Coliseum, Maynila.

Deadly Combination sa Pebrero 15 Kids Fighter Magpapasiklab

MAGIGING pang bungad sa magaganap na Deadly Combination na handog ng Highland International Boxing Promotion na magaganap sa Manila Are-

na ngayong Pebrero 15, Ang makikitaan ng tikas at tatag ng kamao na ipepresinta bilang exhibition match sa mga tumatangkilik ng boksing. Sa paghaharap ng



Kids fighter 36kg. na sina Rens Rivera pambato ng bansa laban kay Aston Phanith ng Australia Maghaharap sila sa 3 rounds fight kung saan ang sino mang magwawagi ay magkakamit ng Tropeo at pagkakalooban ng Honorarium. Ito ay upang saglit na makiliti ang boxing fanatic sa kanilang mapapanood bago ang main event. Ayon kay Boxing Promoter Brico Santig. Matapos ang maikling tagisan ng kabataan ay susundan agad ito ng mga magkakaibang kategorya ayon sa kani-kanilang hanay.

Yeerjialahasi Laayibieke vs. Geboi Mansalayao (118 lbs/8 Rounds)
World Boxing League Superflyweight Championship
Richard Claveras

vs. Richard Rosales (112 lbs/10 Rounds)
Wbc Asia silver Superflyweight Title
Young Gil Bae (Korea) vs. A w i r u t Chahladloes (Thailand)
WBC Female Superflyweight Title
Hee Jung Yuh (Korea) vs. Kanyanat Chotchun (Thailand)
WBC Asia Super Middleweight Championship
Truong Dinh Hoang (Vietnam) vs. Yuttana Wonga (Thailand)
ABF Championship
Sho Kimura (Japan) vs. Merlito Sabillo (Philippines)
10 Rounds
WBC ASIA Heavyweight Championship (12 Rounds)
Eric Pen (USA) vs. Alexander Bajawa (Indonesia)

Tatlong Kampeon sa 2020 World Slasher Cup I

Mga baguhang kampeon ang kinilala sa natapos na World Slasher Cup 1 2020 kamakailan lang. Mahigit sa dalawang daan na kalahok tatlo dito ay nagpakitang gilad sa 9-cock derby sa Smart Araneta Coliseum.

Makalipas ang salpukan ng may 53 sumali mula ika anim ng gabi hanggang alas dos ng umaga. Ay nakitaan ng pagangat sila Edwin Tose, at Daday Siochi (419DS Solid North GF), Carlos Gayoso at Arnold Mendoza (Matandang Gasan 1), at si May May (Batang San Juan) na silang kinilala bilang mga bagong kampeon

sa pinakahihintay ng mga mananabong ngayong 2020, Ito ang unang pagkakaon para sa mga nagwagi na ipakita sa larangan ng sabong na ang sino man ay maaring din magkampeon ngunit ito ay sa tamang manok lamang. Kaugnay nito ang tatlong nagkampeon ay may puntos na 8-1 kumpara sa nakaraang kampeon at beteranong World's Slasher Cup. Sinundan naman ng mga katunggaling sina Frank Berlin, Aurelio Yee, Magno Lim, Gerry Escalona, Boyet Legaspi, Boy Montano, Cesar Mercado, Icha Perez,

Ronald Del Rosario at Romeng Edanio. Sa puntos na 7-2. Pinagkalooban din si Rayandra Alexander Seville ng karangalan ang anak ng pumanaw na American breeder at World Slasher Cup pioneer na si Ray Alexander. Kung saan ang nasabing derby ay tribute sa naging ambag para sa mga kapwa mananabong. Samantala para sa mga sumusubabay ng sabong ay abangan ang susunod na World Slasher Cup 2 na gaganapin ngayong Mayo 25, sa Smart Araneta Coliseum. (RGN)



WS CUP 1 CHAMPION - TATLO kampeon sa World Slasher Cup 1 2020 na kinilalang sina Edwin Tose at Daday Siochi, (419 DS Solid North), Carlos Gayoso at Arnold Mendoza (Matandang Gasan 1), at May May (Batang San Juan) kasama sa awarding ceremony ang magagandang Binibini na sina Gazini Ganados - Miss Universe Philippine, Patricia Magtanong Bb. Pilipinas International, Leren Bautista Bb. Pilipinas Glibe, Reshem Saeed Bb. Pilipinas Supranational, Emma Tiglaog Bb. Pilipinas Intercontinental, Aya Abesamis Bb. Pilipinas Grand International, Samantha Bernard Bb. Pilipinas Runner up. Ang nasabing derby ay isang tribute para kay Ray Alexander anak ng pumanaw na American Breeder at World Slasher Cup pioneer. (RGN)

SELEBRASYON NG 163RD FOUNDING ANNIVERSARY NG CARMONA, IPINAGPALIBAN

IPINASYA ng pamaha-laang lokal ng Carmona, Cavite ang pagpapaliban sa selebrasyon ng 163rd Founding Anniversary nito.

Sinusulat ito ay inihayag ni Atty. Roy M. Loyola, municipal mayor ng Carmona, ang pagpapaliban sa lahat ng aktibidad para sa naturang okasyon.

Layunin umano nito ay para na rin sa kaligtasan ng mamamayan bunsod na rin ng novel coronavirus. Sinabi ni Mayor Loyola na kabilang din sa ipinagpaliban ay ang Binibining Lakan 2020.

Kasabay nito ay patuloy pa rin nananawagan ang alkalde sa mamamayan ng Carmona na panatilihin malakas ang katawan bilang panlaban sa nasabing sakit.

Mahalaga umanong mag-ing malusog at malakas ang pangangatawan.

Ipinaalala pa rin ni Mayor Loyola na dapat ay nakabukas ang kaalaman sa nCov sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga tama o lehitimong balita kagaya ng DOH, WHO, at sa Municipal Government of Carmona. **RS**

Bebot na nasawi sa gluta susulitin ni Isko

Inatasan na ni Manila Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso ang Manila Health Department at Manila Bureau of Permits na imbestigahan ang pagkamatay ng isang babae na nagpaturok ng glutathione sa isang spa sa Sampaloc, Maynila.

Nito lamang Lunes, Pebrero 3, iniulat ang pagkamatay ni Shyrill Distor, 33-anyos, na pumanaw matapos na umanoy magpaturok ng glutathione sa Glutaholics Spa.

Sinabi ni Chief of Staff to the Mayor na si Cesar Chavez, depende sa mga

makakalap na ebidensya ang pagpapasya kung ipapasara o hindi ang spa.

Aalamin din aniya kung may kapabayaan ang Spa sa naging proseso ng pagturok ng vial kay Distor.

Sa imbestigasyon ng pulisya, batay sa pahayag ng isang nagturok sa biktima ng Aqua Skin-Diamond Pro Ultra White-140, na manufactured ng Skinnic Laboratories, at isang ampule ng ascorbic acid na Vitarex-C, na gawa ng Grand Pharmaceutical Company. **(leonard basilio)**

Kawatan buking sa CCTV

BUKING ang ginawang pagnanakaw ng isang 22-anyos na lalaki na nagtiyaga na lamang sa isang unit na cellphone matapos na hindi nito nabuksan ang safety vault ng isang tindahan sa Gen. Trias City, Cavite.

Nakakulong ngayon sa Gen Tris City Custodial Center ang suspek na si Melbert Mercado, walang trabaho, ng NIA Road, Brgy San Juan I, Gen Trias City, dahil sa reklamo ni Marcianito Chavez Jr, area manager ng Alfa Mart Store sa Brgy San Juan Gen. Trias City branch.

Sa salaysay ni Chavez kay PSSgt Armien Matro, ng GenTri City Police Station,

dakong alas -6:00 ng umaga nang natuklasan ng mga personnel ng nasabing tindahan na bukas ang cash register pagpasok nila.

Napansin din nila na may butas sa kisame na pinaninwalaang dito pumasok at lumabas ang suspek.

Tinangka rin ng suspek na buksan ang safety vault pero nang hindi nito mabuksan ay nagtiyaga na lang niyang kunin ang isang cellphone na nagkakahalaga ng P16,000.

Nang kanilang rebyuhin sa Closed Circuit Television (CCTV) ay nakilala ang suspek na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

GENE ADSUARA

Kelot timbog sa pangmolestsiya ng bata

Arestado ang isang lalaki sa ikinasang operasyon ng Special Mayors Teaction Team (SMaRT) matapos itong ireklamo ng pangmolestsiya sa ilang menor de edad sa Sampaloc, Maynila kamakailan.

Kinilala ni SMaRT Chief Major Rosalino Ibay Jr., ang suspek na si Francisco Zorrilla, 45, walang asawa at trabaho, nakatira sa 943-B Maceda St., Sampaloc, Maynila na naaresto alas 10:30 ng gabi sa kahabaan ng C.M. Recto cor. N. Reyes St., Sampaloc, Maynila.

Nauna rito, 11 menor de edad kasama ang kanilang mga magulang ang nagtungo sa tanggapan ng SMaRT upang ireklamo ang suspek hinggil sa pangmomolestsiya nito sa

mga bata.

Isa sa biktima ang nakipagkasundo sa suspek na makipagkita sa huli kung saan ikinasa ang joint operation ng SMaRT, Women and Childrens Protection Section at MPD-PS4 na nagresulta sa pagkakaaresto nito.

Mahaharap sa kasong reckless imprudence resulting to multiple physical injuries with damage to property, direct assault at iba pang paglabag sa ilalim ng RPC at abduction with rape.

Nakumpiska sa suspek ang Suzuki Ertiga NBI 8034 na ginamit pa sa kanyang pagtakas, granada, bote ng mga alak, simcard at condom na hinihinalang ginagamit sa mga menor de edad at pera. **(leonard basilio)**

SC APPROVES ONLINE MCLE CLASSES FOR LAWYERS

MANILA -- Almost two decades after its inception, the Supreme Court (SC) on Wednesday announced that the Mandatory Continuing Legal Education (MCLE) for lawyers will now be available online.

In an 11-page en banc resolution dated Nov. 26, 2019, the high court has approved the Rules and Regulations in the Conduct of MCLE Online.

"The onset of computer technology made it necessary to adopt current trends of learning and it is relevant with the changing times that an alternative mode of delivery of the MCLE be made available to members of the Bar through online and on-demand MCLE," the Court said.

The court said the online MCLE, which has long been adopted and successfully implemented in other jurisdictions, would address the need for MCLE activities in the provinces, especially in far-flung areas where MCLE activities are few and far between, as well as for Filipino lawyers who are based abroad and would like to update their

MCLE compliance.

Approved by the SC in 2001, MCLE is stipulated in Bar Matter No. 850 which requires members of the Integrated Bar of the Philippines (IBP) to take continuing legal education to ensure that "they keep abreast with the law and jurisprudence, maintain the ethics of the profession and enhance the standards of the practice of law".

Under this rule, lawyers must complete 36 hours of MCLE activities every three years.

The rules define the minimum requirements and responsibilities of accredited MCLE providers that are planning to conduct MCLE online, as well as the guidelines and minimum requirements for lawyers who want to avail themselves of the program online.

Under the rules, MCLE providers must incorporate authentication mechanisms to ensure the identity of the participant while viewing a course. Such authentication includes random snapshots, random video capturing and facial recognition software. **(PNA)**



NAGSAGAWA ng OPLAN GALUGAD ang mga tauhan ng PCP-1 sa pamumuno ni P/Major Jolly C. Soriano at ang naging team leader si PSMS Talingdan sa kahabaan ng Opena St. corner Mactan St., Barangay Bacclaran, P'que City at nakumpiska ang isang video karrera machine. Ito ay bilang kampanya laban sa illegal gambling sa nasabing lugar. **(JIMMY HAO)**

MAKING LIVES BETTER FOR GENTRISEÑOS

In keeping with the goal of making lives better for the people of Cavite, the Provincial Government conducts medical and dental missions to serve the health needs of indigent constituents. A total of 330 locals of Barangay Pasong Camachile 1, Gen. Trias City were served in another mission performed by doctors and dentists from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and Philippine Airforce 15th Strike Wing on January 29, 2020. Services rendered range from medical and pediatric consultations to dental check-up and tooth extraction. The recipients also received prescription medicines and vitamins for

